

# Mga Pampublikong Benepisyo para sa Pandemya na Available sa Mga Residente ng Alameda County

## Karagdagang Security Income/Karagdagang Bayad mula sa Estado (Supplemental Security Income, SSI/State Supplementary Payment, SSP)

**Para maging kwalipikado**: Ang SSI ay isang pederal na programa na available sa mga taong mababa ang kita na may edad na 65 at pataas o bulag o may kapansanan. Ang SSP ay isang programa ng estado na karagdagan sa SSI. Ang parehong SSI at SSP ay pinangangasiwaan ng Pangasiwaan ng Social Security (Social Security Administration, SSA).

**Mga detalye**: Dapat matugunan ang mga limitasyon sa kita at ari-arian. Ang mga antas ng gawad para sa 2021 para sa mga indibiduwal ay $955 at $,1598 para sa mga mag-asawa.

**Para sa higit pang impormasyon**:

## Programa ng Tulong na Salapi para sa Mga Imigrante (Cash Assistance Program for Immigrants, CAPI)

**Para maging kwalipikado**: Ang CAPI ay isang programa na 100% pinopondohan ng estado sa mga hindi kwalipikado para sa SSI/SSP dahil lang sa kanilang katayuan sa imigrasyon. Pinangangasiwaan ang CAPI sa pamamagitan ng ACSSA.

**Mga detalye**: Ang mga pagbabayad ng CAPI ay katumbas ng sa ibinibigay sa pamamagitan ng SSI/SSP.

**Para sa higit pang impormasyon**: https://www.alamedacountysocialservices.org/our-services/Immigrants-and-Refugees/CAPI#overview

## CalFresh at Enhanced CalFresh

**Para maging kwalipikado**: Dapat kwalipikado para sa CalFresh.

**Mga Detalye**: Lahat ng sambahayan ay makakatanggap ng pinakamataas na halaga ng mga benepisyo ng CalFresh buwan-buwan para sa laki ng kanilang sambahayan, magkano man ang kita at mga gastos. Makukuha ang mga benepisyo sa pamamagitan ng regular na mga proseso sa pagiging kwalipikado at muling pagtukoy ng pagiging kwalipikado ng County/ACSSA.

**Para sa higit pang impormasyon**: https://www.alamedacountysocialservices.org/our-services/Health-and-Food/CalFresh/index

## Pandemic-EBT (P-EBT) 3.0 at Summer P-EBT

**Para maging kwalipikado**: Mga batang may edad na 0-6 na taong gulang na bahagi ng isang sambahayan na tumatanggap ng mga benepisyong pagkain ng CalFresh sa pagitan ng Agosto 2021 - 2022. Mga batang nasa edad na pumapasok sa eskuwela na kwalipikado para sa libre o murang mga pagkain na naka-enroll sa hiwalay na pag-aaral sa panahon ng COVID sa taon ng paaralan na 2021-2022.

**Mga detalye**: Walang application para sa P-EBT 3.0. Ang mga P-EBT card ay awtomatikong ipapadala sa koreo simula sa Oktubre 2022. Matatawagan ang Linya para sa Tulong ng P-EBT sa (877) 328-9677 Lun - Biy 6am hanggang 8pm.

**Para sa higit pang impormasyon**: https://capandemic-ebt.org/

## Programa para sa Kababaihan, Sanggol at Mga Bata (Women, Infant & Children Program, WIC)

**Para maging kwalipikado**: Ang WIC ay available sa mga buntis o nagpapasusong babae, mga sanggol, at mga bata kung ang aplikante ay mayroong taunang kita na nasa o mababa sa 185% Pederal na Antas ng Kahirapan (sa kasalukuyan ay $48,470 para sa a pamilya na mayroong apat na miyembro). Ang mga nawalan kamakailan ng kanilang mga trabaho o hindi makapagtrabaho dahil sa COVID-19 ay maaaring maging kwalipikado.

**Mga detalye**: Programa sa kalusugan at nutrisyon para sa mga babae at mga batang wala pang edad na 5, mag-apply sa pamamagitan ng departamento ng kalusugan ng publiko.

**Para sa higit pang impormasyon**: https://acphd.org/wic/

## Pamamahagi ng Pagkain para sa Lokal na Emergency

**Para maging kwalipikado**: Isang indibiduwal o pamilya na nakakaranas ng kawalan ng sapat na access sa pagkain o nangangailangan ng pang-emergency na mga serbisyo sa pagkain o paghahatid ng pagkain.

**Mga detalye**: Tumawag sa 2-1-1 o gamitin ang mapa ng Alameda County para sa Pamamahagi ng Pagkain, Pagsusuri, at Mga Serbisyo para sa COVID-19 para maghanap ng mga lugar na namamahagi ng pagkain na malapit sa inyo.

**Para sa higit pang impormasyon**: https://www.acgov.org/maps/food-services.htm

## Programa ng Season of Sharing (SOS)

**Para maging kwalipikado**: Mga residente ng Alameda County na mayroong dependent na mga anak o mayroong kapansanan, may edad na 55 o mas matanda pa, dating kabataan na nasa bahay-ampunan, mga beterano, mga nakaligtas sa karahasan ng intimate na partner at mararahas na krimen, at mga buntis.

**Mga detalye**: Isang beses na tulong sa mga taong nakakaranas ng krisis sa pabahay na maaaring maayos sa pamamagitan ng isang beses na tulong. Tawagan ang linya bago magpa-screen sa 510-272-3700.

**Para sa higit pang impormasyon**: https://www.alamedacountysocialservices.org/our-services/Shelter-and-Housing/Other-Support/season-of-_sharing

## Programa sa Pabahay at Pang-emergency na Pagtira (Housing & Emergency Lodging Program, HELP)

**Para maging kwalipikado**: Walang asawang nasa hustong gulang na mga indibiduwal na nakatira sa Alameda County na hindi nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado sa SOS, at walang tirahan o nanganganib na mawalan ng tirahan, at mayroong napapanatiling kita.

**Mga detalye**: Ang HELP ay magbibigay ng isang beses na tulong pinansyal batay sa krisis para sa mga mahalagang pangangailangan sa pabahay. Para mag-apply, tumawag sa 510- 259-2200 o mag-email sa HoEmLodgP@acgov.org.

**Para sa higit pang impormasyon**: https://www.alamedacountysocialservices.org/our-services/Shelter-and-Housing/Other-Support/HELP

## Mapagkukunan para sa Pangangalaga ng Bata at Mga Ahensya para sa Referral

**Mga Detalye ng Referral**: Ang mga pamilyang nakatira sa Alameda, Albany, Berkeley, Emeryville, Oakland, o Piedmont ay maaaring tumawag sa 510-658-0381 o mag-email sa referrals@bananasbunch.org. Ang mga pamilyang nakatira sa Castro Valley, Fremont, Hayward, Newark, San Leandro, San Lorenzo, o Union City ay maaaring tumawag sa 510-244-0506 o mag-email sa info@4c-alameda.org. Ang mga pamilyang nakatira sa Dublin, Livermore, Pleasanton, o Sunol ay maaaring tumawag sa 925-417-8733 o mag-email sa hello@behively.org.

# Mga Pederal na Credit sa Buwis

## Credit sa Mula sa Kinita (Earned Income Tax Credit, EITC)

**Para maging kwalipikado**: Mayroong kinita na mababa sa mga partikular na limitasyon para sa laki ng sambahayan at dapat ay U.S. citizen o resident alien.

**Mga detalye**: Para lang sa 2021 taon ng buwis, ang maximum na credit ay $1,052 para sa indibiduwal - ang maximum na credit noong nakaraang taon ay $543. Ang mag-asawa na mayroong 3 o mahigit pang anak ay maaaring makakuha ng katumbas ng $6,728.

Para sa higit pang impormasyon:
https://www.irs.gov/credits-_deductions/individuals/earned-income-tax-credit-eitc

## Maagang Credit sa Buwis para sa Anak (Child Tax Credit, CTC)

**Para maging kwalipikado**: Nag-file ng 2019 o 2020 tax return, o naglagay ng impormasyon sa application ng IRS para sa hindi nagpa-file, at mayroong dependent na anak na wala pang edad na 18.

**Mga detalye**: Para lang sa 2021 taon ng buwis, $3,600 taunang credit para sa anak na wala pang edad na 6; $3,000 taunang credit para sa batang may edad na 6-17 Buwan-buwang mga pagbabayad para sa kalahati ng halaga ng credit. Ikumpara ang anumang mga pagbabayad sa 2021 Tax Return.

Para sa higit pang impormasyon:
https://www.irs.gov/credits-_deductions/advance-child-tax-credit-payments-in-2021

## Credit sa Buwis para sa Pangangalaga ng Anak at Dependent

**Para maging kwalipikado**: Nagbayad ang nagpa-file ng buwis (available kada taon ng buwis) ng magbabantay ng bata o dependent habang nagtatrabaho o naghahanap ng trabaho.

**Mga Detalye**: Para sa taon ng buwis na 2021, ang maximum na credit ay $4,000 para sa isang anak at $8,000 para sa dalawa o mahigit pang mga anak.

Para sa higit pang impormasyon:
https://www.irs.gov/forms-_pubs/about-publication-503

# Mga Credit sa Buwis sa Estado ng California

## Credit sa Buwis sa Kinita sa California (California Earned Income Tax Credit , CalEITC)

**Para maging kwalipikado**: Ang nasa hustong gulang o taong may kwalipikadong anak, na mayroong valid na SSN o ITIN, kinita, nagpa-file ng buwis at mayroong in-adjust na kita na $30,000 o mas mababa ay maaaring maging kwalipikado.

**Mga detalye**: Ang CalEITC ay mare-refund na credit sa buwis para tulungan ang mga tao at pamilyang may mababang kita at katamtamang kita. Ang maximum na credit para sa isang indibiduwal ay $255, at mag-asawa na mayroong tatlo o mahigit pang mga anak ay maaaring tumanggap ng $3,160.

Para sa higit pang impormasyon:
https://www.ftb.ca.gov/about-ftb/newsroom/caleitc/index.html

## Credit sa Buwis ng Anak (Young Child Tax Credit, YCTC)

**Para maging kwalipikado**: Mga nagtatrabahong magulang na may mababa at katamtamang kita ng mga batang wala pang edad na 6, na nagpa-file ng mga buwis. Ang mga kwalipikado para sa CalEITC ay malamang na maging kwalipikado para sa YCTC.

**Mga detalye**: Ang YCTC ay mare-refund na credit sa buwis para tulungan ang mga pamilyang may mababa at katamtamang kita na may bata pang mga anak.

Nagbibigay ng tulong na hanggang sa $1,000 kada nagpa-file ng buwis.

**Para sa higit pang impormasyon**:
https://www.ftb.ca.gov/file/personal/credits/california-earned-income-tax-credit.html

# Pederal na Mga Pagbabayad dahil sa Epekto ng Ekonomiya (Federal Economic Impact Payments, EIP), kilala bilang "Mga Stimulus Check"

### Mga Pagbabayad dahil sa Epekto ng Ekonomiya para sa 2020

**Para maging kwalipikado**: Nag-file ng 2019 o 2020 tax return, o naglagay ng impormasyon sa application ng IRS para sa hindi nagpa-file, may kita na mababa sa mga partikular na limitasyon para sa laki ng sambahayan

**Mga detalye**: Unang pagbabayad na hanggang sa $1,200 noong Abril 2020 at pangalawang pagbabayad na hanggang sa $600 noong Disyembre 2020. Ang karamihan ng pondo ay naibigay na. Mag-claim ng Recovery Rebate Credit sa 2020 o 2021 na pederal na tax return kung may hindi natanggap na bayad na stimulus o nakatanggap ng mas mababa sa buong halaga.

**Para sa higit pang impormasyon**:
https://www.irs.gov/newsroom/recovery-rebate-credit`

### Mga Pagbabayad dahil sa Epekto ng Ekonomiya para sa 2021

**Para maging kwalipikado**: Nag-file ng 2019 o 2020 tax return, o naglagay ng impormasyon sa application ng IRS para sa hindi nagpa-file, mababa ang kita sa partikular na mga limitasyon para sa laki ng sambahayan. Ang mga dependent na nasa hustong gulang ay kwalipikadong makatanggap ng pagbabayad sa round lang na ito.

**Mga detalye**: Pangatlong pagbabayad na hanggang sa $1,400 noong Spring 2021 - ang karamihan sa mga indibiduwal ay makakakuha ng kanilang bayad nang awtomatiko at hindi kakailanganing gumawa ng karagdagang aksyon. Mag-claim ng Recovery Rebate Credit sa 2020 o 2021 na pederal na tax return kung may hindi natanggap na bayad na stimulus o nakatanggap ng mas mababa sa buong halaga.

Para sa higit pang impormasyon:
https://www.irs.gov/coronavirus/third-economic-impact-payment

## Mga Pagbabayad ng Stimulus sa Estado ng California

### Golden State Stimulus I (GSS I)

**Para maging kwalipikado**: Nag-file ng 2020 tax return at natanggap ang Tax Credit sa Kinita sa California (CalEITC), pati ang mga nagpa-file ng buwis gamit ang Individual Identification Number (ITIN) na mayroong in-adjust na kita na $75,000 o mas mababa.

**Mga detalye**: Ang GSS I ay nagbibigay ng isang beses na pagbabayad ng $600 o $1,200 sa mga pamilyang mababa ang kita at mga taong hindi kasama sa pederal na mga pondo ng stimulus dahil sa katayuan sa imigrasyon. Ang huling petsa para maging kwalipikado ay lumipas na para sa mga nagpa-file bukod sa mga mayroong nakabinbing mga ITIN.

Para sa higit pang impormasyon:
https://www.ftb.ca.gov/about-ftb/newsroom/golden-state-stimulus/gss-i.html

### Golden State Stimulus II (GSS II)

**Para maging kwalipikado**: Nag-file ng 2020 tax return at mayroong in-adjust na kita na $75,000 o mas mababa, at mga nagpa-file gamit ang ITIN.

**Mga detalye**: Ang GSS II ay nagbibigay ng isang beses na pagbabayad ng $500 sa mga nakatanggap ng GSS I at mayroong mga dependent, $600 para sa mga hindi nakatanggap ng GSS I na mayroong karagdagang $500 para sa mga pamilyang mayroong mga dependent, at $500 ($1,000 para sa mga mayroong mga dependent) para sa mga nagpa-file gamit ang ITIN.

Para sa higit pang impormasyon:
https://www.ftb.ca.gov/about-ftb/newsroom/golden-state-stimulus/gss-ii.html